8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 1

Aralin

3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Values Education 8**
**Kwarter 1: Aralin 3 (Linggo 3)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Angelita F. Aquino (Vicente P. Trinidad National High School)

**Tagasuri**
- PNU-RITQ Development Team

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor *ng Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

**VALUES EDUCATION / KUWARTER 1 / BAITANG O ANTAS 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pagunawa sa pakikipagkapuwa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga paraan ng pakikipagkapuwa upang malinang ang pagiging mapagmalasakit. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nakapagsasanay sa pagiging mapagmalasakit sa pamamagitan ng pagiging sensitibo at wastong pagtugon sa pangangailangan ng kapwa.**<br>a. Nailalarawan ang mga paraan ng pakikipagkapuwa bilang isang kabataan<br>b. Naipaliliwanag na ang pakikipagkapuwa-tao ay nakaugat sa kalikasan ng tao bilang panlipunang nilalang at naglilinang ng kaniyang kaganapan bilang tao sa pamamagitan ng paglilingkod sa kapuwa na indikasyon ng pagmamahal.<br>c. Nailalapat ang mga paraan ng pakikipagkapuwa bilang isang kabataan. |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga (Values to be developed)** | **Mapagmalasakit (Compassion)** |
| **E. Nilalaman** | Pakikipagkapuwa tao |
| **F. Integrasyon** | |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


*Ano ang Pakikipagkapwa Tao? Kahulugan at Kahalagahan*. (2023). Sanaysay Philippines. https://www.sanaysay.ph/pakikipagkapwa-tao/#Mga_Benepisyo_ng_Pakikipagkapwa_Tao

*Aetas Tribe*. (n.d.). Rachel Grant. https://www.rachelgrant.com/products/aetas

*Ang Kahalagahan ng Pagtutulungan at Pakikipagtulungan | FreeConference.com*. (n.d.). FreeConference.com. https://www.freeconference.com/tl/blog/the-importance-of-teamwork/

*Bakit mahalaga ang prinsipyo ng pakikipagtulungan at pakikipagbukluran sa loob ng lipunan? | Panitikan.com.ph*. (2020). Panitikan.com.ph. https://www.panitikan.com.ph/bakit-mahalaga-ang-prinsipyo-ng-pakikipagtulungan-at-pakikipagbukluran-sa-loob-ng-lipunan

Casapao, V. A. P. B. J. A. (2017). *Kabataan Ngayon*. Then and Now: Millennial's Lifestyle. https://millennialslifestyle.wordpress.com/2017/09/24/kabataan-ngayon/

Donne, John. (n.d.). No Man Is an Island. https://allpoetry.com/No-man-is-an-island

Escafeism. (2013). escafeism. Tumblr. https://escafeism.tumblr.com/post/52214000463/no-man-is-an-island-isang-kasabihan-na


*Ilang kabataan, napapabayaan ang kalusugan dahil sa sobrang gamit ng gadgets at social media*. (n.d.). Balitambayan. https://www.gmanetwork.com/news/balitambayan/talakayan/841792/ilang-kabataan-napapabayaan-ang-kalusugan-dahil-sa-sobrang-gamit-ng-gadgets-at-social-media/story/

L. (2022). *Mozgássérültek világnapja (december 3.)*. Lepramism Mission - Hungary. https://www.lepramisszio.hu/en/mozgasserultek-vilagnapja-december-3/


Oredimo, F. (n.d.). *Ang paggalang ay ang pagpapalagay ng mabuting hangarin at kakayahan ng ibang tao o sa sarili*. Scribd. https://www.scribd.com/document/506061471/Ang-paggalang-ay-ang-pagpapalagay-ng-mabuting-hangarin-at-kakayahan-ng-ibang-tao-o-sa-sarili

*Pagkakaisa*. (n.d.). www.coursehero.com. https://www.coursehero.com/file/81068757/ESPpptx/

*Pakikipagkasundo — Watchtower ONLINE LIBRARY*. (n.d.). WOL. Retrieved from https://wol.jw.org/tl/wol/d/r27/lp-tg/1200003664
*Pakikisama*. (2016). Sikolohiya Sa Kabataan. Retrieved from https://youthpsych.wordpress.com/katutubo/
*Pakikisama*. (n.d.). www.pssp.org.ph/diwa/. https://www.pssp.org.ph/diwa/wp-content/uploads/2017/11/5-Artikulo-Salanga-Yabut.pdf
Sapalo, N. (2020). *Who will look after Lola during the pandemic? - New Mandala*. New Mandala. https://www.newmandala.org/who-will-look-after-lola-during-the-pandemic/
Staff, Y. (n.d.). *Mateo 22:37-39*. YouVersion | Ang Bible App | Bible.com. https://www.bible.com/tl/bible/1264/MAT.22.37-39.ASND
T. (2024). *Pakikipagkapwa tao: Paano magkakaroon lalo na ang mga kabataan?* MyInfoBasket.com. https://myinfobasket.com/pakikipagkapwa-tao-paano-magkakaroon-ang-mga-kabataan/
T. (2022). *EsP | Ang Pakikipagkapwa-tao | ER Tamondong*. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=8wK3eOHtxDk
Yabut, H. J., & Salanga, M. G. C. (2017). *Ang Pangkaraniwang Pagpapakahulugan at Behavioral na Manipestasyon ng Pakikisama*. ResearchGate. https://doi.org/10.13140/RG.2.2.31984.10244

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br><br>1. Maikling Balik-aral<br><br>Pagmasdang mabuti ang larawan. Ang tao dito ay nasa hindi kaaya-ayang sitwasyon. Gamit ang positibong pananaw, bigyan mo siya ng magandang payo upang makakita siya ng magandang oportunidad sa sitwasyong pinagdaraanan.<br><br><br>_______________________________________________<br>_______________________________________________<br>_______________________________________________<br><br>https://www.wannapik.com/vectors/21423<br><br>Tanong :<br>Ano ang magandang dulot ng pagkakaroon ng positibong pananaw sa buhay?</td><td>Maglaan ng 10 minuto para sa gawaing ito.</td></tr>
<tr><td>B. Paglalahad ng Layunin</td><td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>Sino ang itinuturing mo na iyong kapuwa? Isulat ang iyong sagot sa loob ng kahon<br><br><br></td><td>Mahalagang maproseso ng guro ang bahaging ito upang mabigyan ng pansin ng mga mag-aaral ang mga taong nasa kanyang paligid, sinoman ito at anoman ang papel nito sa kanyang buhay. Maaaring bigyang-diin ng guro ang kahalagahan ng kapwa bilang bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Tanong:<br>Bakit mo sila itinuturing na iyong kapwa?<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br>**Panuto:** Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.<br><br>_____1. Ito ang pinag-uugatan ng pakikipagkapuwa-tao<br>A. Midya B. Lipunan Paaralan C. Paaralan D. Pamilya<br>_____ 2. Ito ay naglalayong bumuo ng harmonya at magpakita ng pagkakaisa sa ating lipunan<br>A. Pag-aaral B. Pakikipagkapuwa-tao C. Pakikiramay D. Paglalaro<br>_____ 3. Ito ay kumakatawan sa ating pamilya, kaibigan at lahat ng taong nasa ating paligid, ano mang edad, kulay o lahi.<br>A. Kapuwa B. Lipunan C. Midya D. Pamahalaan<br>_____ 4. Ito ay ang pag-aalala o pagtatanggol sa kapuwa lalo na sa panahon ng kalungkutan, kagipitan at kahirapan<br>A. Pagbibigay B. Paggabay C. Pagmamalasakit D. Pakikisama<br>_____ 5. Ito ay ang kooperasyon sa pagitan ng mga tao sa proseso ng pagkamit ng iisang layunin.<br>A. Paggalang B. Pag-iingat C. Pagmamalasakit D. Pagtutulungan | *Maglaan ng 10 minuto para sa gawaing ito.*<br><br>**Mga sagot:**<br>1. D. Pamilya<br>2. B. Pakikipagkapuwa-tao<br>3. A. Kapuwa<br>4. C. Pagmamalasakit<br>5. D. Pagtutulungan<br><br>*Maglaan ng 5 minuto para sa gawaing ito.* |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: <u>Ugat at Epekto ng Pakikipagkapuwa-Tao sa Paglinang ng Kaganapan Bilang Tao</u>**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>*"No man is an Island".* (Donne. n.d.) Narinig mo na ba ang katagang ito? Ito ay nagmula sa isang tula ni John Donne, na maykaparehong pamagat. Ano ba ang pakahulugan mo sa katagang ito?<br><br>Ang katagang *"No man is an Island"* ay nagpapahayag na hindi natin kayang mabuhay ng mag-isa, ng walang kausap at kasama sa pagharap sa problema. Bukod sa pamilya natin, andiyan ang mga kaibigan, na madalas ay kasama natin kapag masaya tayo, sila ang mga taong napaglalabasan natin ng sama ng loob sa oras ng problema, mga taong tumutulong sa atin sa lahat ng makakaya nila. Tinatawag natin sila bilang kapuwa-tao, kabilang din dito ang mga kakilala o dayuhan na nasa ating paligid. Maging ano man ang kanilang edad, kulay, lahi, pananampalataya o antas sa lipunan, ay nararapat | Bigyan ng dalawang minuto ang mga mag-aaral upang makapag-isip ng kahulugan ng kasabihang binanggit. Ibabahagi nila ang kanilang paliwanag sa klase. kung saan ito ay magtatagal ng tatlong minuto. |

| | | |
|---|---|---|
| | lamang na sila ay kilalanin, mahalin, at alagaan bilang kabahagi ng ating lipunan at sambayanan ng Diyos. Bilang kapuwa tayo ay dapat mabuhay ng may pagpapakumbaba, pagbibigay, at pakikinig sa kanila. Sa bawat kilos at salita, dapat na ipakita natin ang respeto at pagmamalasakit. Ito ay ang pag-aalala o pagtatanggol sa kapuwa lalo na sa panahon ng kalungkutan, kagipitan at kahirapan. Ang pakikipagkapuwa tao ay naglalayong bumuo ng harmonya at magpakita ng pagkakaisa sa ating lipunan. Ito ay isang mahalagang konsepto sa kulturang Pilipino kung saan masasalamin ang pagbibigay halaga, pag-aalaga, at pagrespeto sa ibang tao.<br><br>Ang pamilya ay ang siyang ugat ng pakikipagkapuwa-tao, kaya masasabi nating ang pakikisama sa kapuwa ay nagsisimula sa araw ng ating kapanganakan. Ang pamilya ang pinagmulan ng mga ugali at mga paniniwalang humuhubog sa pagkamamamayan at pakikipagkapuwa-tao. Ang mabuting pagsasamahan sa pamilya ay nagbubunga ng positibo at kapaki-pakinabang na ugali sa mga miyembro nito, katulad ng paggalang, pakikisama, at pag-unawa. Ang mga pagpapahalagang ito ay nakatutulong upang makabuo ng isang masaya at matagumpay na pakikipagkapuwa.<br><br>Minsan na tayong binigyan ng kautusan ng Diyos na mahalin natin ang ating kapuwa katulad ng pagmamahal sa ating sarili. Sa pamamagitan ng pagtupad nito makakamit ng tao ang kaniyang kaganapan. Ang makabuluhan at mabuting pakikipagkapuwa ay isang paraan upang mapataas natin ang ating halaga bilang tao at bilang anak ng Diyos. Kung patuloy nating maisasabuhay ang mabuting pakikipagkapuwa-tao, mararanasan natin ang maraming benepisyo para sa ating sarili at sa lipunan. Narito ang sumusunod na mga makabuluhang epekto ng pakikipagkapuwa-tao:<br>• Nakababawas ang mga pagkakabahabahagi at alitan<br>• Nakapagpapalakas ng ating mga relasyon, at nagbibigay ng kasiyahan at kaligayahan.<br>• Nakapagpapatibay sa pagkakaisa<br>• Nakapagtataguyod ng positibong pagbabago sa ating lipunan.<br>• Nakakatutulong upang mapatibay ang mabuting imahe ng sarili.<br>• Nakatutulong sa mga pangangailangan ng ibang tao na magbubunga rin ng pagtulong niya kung ikaw naman ang mangangailangan.<br>• Nakadaragdag ng iyong kapayapaan sa buhay. Masarap sa pakiramdaang walang kaaway | Maaaring Gamitin ng guro ang *link* na ito para sa karagdagang impormasyon.<br><br>E. T. (2022). EsP \| Ang Pakikipagkapwa-tao \| ER Tamondong. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=8wK3eOHtxDk<br><br> |

| | | |
|---|---|---|
| | **IKALAWANG ARAW**<br><br>2. **Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Maramihang Tugon**<br>**Panuto:** Sagutin ang tanong: Ano ang mga dapat ugaliin o taglayin ng isang tao upang maisabuhay ang pakikipagkapuwa-tao? Sumulat ng lima sa loob ng kahon.<br><br>[ ] [ ]<br>[ ] [ ] [ ]<br><br>**Tanong:**<br>1. Alin sa mga ugaling iyong isinulat ang tinataglay mo na?<br>____________________<br>____________________<br>2. Alin naman ang uumpisahan mo pa lang gawin?<br>____________________<br>____________________<br>3. Bakit mahalagang pag-ukulan natin ng pansin ang mga ugaling makapagpapalago ng ating pakikipagkapwa-tao?<br>____________________<br>____________________<br>4. Ano ang magandang dulot ng pakikipagkapuwa?<br>____________________<br>____________________<br>5. Maaari bang makatulong sa pag-unlad ng ating bansa ang mahusay na pakikipagkapuwa? Pangatwiranan ang iyong sagot.<br>____________________<br>____________________<br><br>3. **Paglalapat at Pag-uugnay**<br>**Panuto:** Magbahagi ng iyong karanasan tungkol sa pagmamalasakit na iyong ipinapakita sa inyong tahanan. Lagyan ang iyong kuwento ng naaangkop na pamagat. | Ang pagpoproseso ng gawaing ito ay maaaring idaan sa isang laro. (*Maglaan ng 20 minuto*)<br>Mekaniks:<br>• Maghahanda ang guro ng isang *board* (maaaring *illustration board*) kung saan may nakadikit na sampung papel. Sa bawat papel ay may nakasulat na kilos o ugali na nagpapakita ng pakikipagkapuwa halimbawa ay pagmamahal.<br>• Tatawagin ang mga mag-aaral isa-isa upang magbigay ng kaniyang sagot<br>• Isa lamang mula sa limang sagot nila sa worksheet ang dapat nyang ibibigay.<br>• Kung ang sagot ay isa sa mga nakasulat sa *board*, may premyo sya, ito ay maaaring kendi o gamit sa pag-aaral tulad ng ballpen.<br><br>Tandaan:<br><br>-Ang mga nakasulat sa *board* ay hindi dapat makita ng mga |


| | | |
|---|---|---|
| | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br><br>**Tanong**:<br>1. Ano ang nagtulak sa iyo upang magbigay ng tulong sa iyong pamilya?<br>______________________________<br>______________________________<br>2. Ano ang naramdaman mo pagkatapos mong makapagbigay ng tulong?<br>______________________________<br>______________________________<br>3. Ano naman ang nakita mong naging reaksiyon ng miyembro ng iyong pamilya na tinulungan?<br>______________________________<br>______________________________<br>4. Bakit mahalagang pagmalasakitan mo ang iyong pamilya?<br>______________________________<br>______________________________<br>5. Kung ang pagmamalasakit sa pamilya ay laging isasabuhay ng lahat ng kasapi nito, may epekto ba ito sa kalagayan ng lipunan? Pangatwiranan ang iyong sagot.?<br>______________________________<br>______________________________<br><br>**IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: <u>Paglalapat ng mga Paraan ng Pakikipagkapuwa Bilang Isang Kabataan</u>**<br><br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Ano ang mga pinagkakaabalahan mo sa araw-araw? Isulat sa iyong kuwaderno ang mga gawaing madalas ay pinaglalaanan mo ng oras.<br>Ano nga ba ang madalas na pinagkakaabalahan ng mga kabataan sa panahong ito? Karamihan na sa mga kabataan sa henerasyon ngayon ay nakapokus kadalasan sa teknolohiya. Ito ang nagsisilbing aliwan sa mga oras na wala silang ibang pinagkakaabalahan o kaya naman ginagamit ito para sa mga akademikong layunin. | mag-aaral. Tanging ang guro lamang ang makakakita.<br><br>- Limitado lamang ang pwedeng maisulat sa *board*, kung ang isinagot ng mag-aaral ay tama ngunit wala sa mga nakasulat sa board, mahalagang maiproseso ito ng guro.<br><br>*Maglalaan ng 20 minuto para sa gawaing ito.*<br><br>Bigyan ang mga mag-aaral ng limang minuto upang |

| | | |
|---|---|---|
| | Dahil dito ay napapadali na ang kanilang pamumuhay. Hindi tulad ng henerasyon noon na manwal ang mga paggawa ng mga bagay-bagay. Malaki ang potensyal ng mga kabataan ngayon dahil sa kanilang kalamangan sa nakaraang henerasyon.<br><br>Maraming mag-aaral na nasa Baitang 8 sa panahon ngayon ay nakabilang sa *Generation Z.* Ang letrang Z ay kumakatawan sa salitang *zoomer.* Tinawag silang ganito dahil sinasabing sila ang kauna-unahang henerasyon na nag-*zoom* sa internet o gumamit ng *internet.* Kung kaya't mauunawaan kung bakit mahaba ang oras na kanilang ginugugol sa paggamit ng iba't ibang *application* o *platform* sa *internet,* dito sila nakatutuklas ng maraming bagay at nakatutulong ito sa kanilang pagsasaliksik lalo na tungkol sa mga aralin sa paaralan. Ngunit minsan ang kalamangan na ito ay nagdudulot ng hindi kaaya-ayang epekto tulad ng pagkalulong ng maraming kabataan sa mga *online games, streaming devices at social media* katulad ng *facebook, Instagram, tiktok at twitter.* Nauubos ang kanilang oras sa mga ito kung kaya't hindi nila nagagampanan ang mas mahahalaga nilang tungkulin para sa sarili, pag-aaral, pamilya at para sa komunidad na maaaring maging dahilan ng hindi magkakaroon ng malusog na relasyon sa kanilang kapuwa.<br><br>Mahalaga na magkaroon ng magandang pakikipagkapwa ang mga kabataan. Dapat na maging malinaw sa kanila ang mga paraan sa pagkakamit ng maayos na relasyon sa mga taong nasa kanilang paligid. Ilan sa mga paraang maaari nilang gawin ay ang sumusunod:<br><br>1. **Pakikisama**<br>Ang pakikisama ay isa sa mga pangunahing kaugalian nating mga Pilipino. (*Pakikisama*, 2016) Sa pang araw-araw, ito ay ating nagagamit para makakilala at makipag-kaibigan sa ibang tao. Marahil, dito nagsisimula ang pundasyon upang makapagsimula ng magandang relasyon sa ating kapuwa. Sa ganitong kaugalian, tayo ay nagkakaroon ng mga kaibigan, nakaka-usap ng iba pang tao at nakakapag-bigay tulong para sa iba. Ito ay may kinalaman sa pagiging bukas sa pakikipag-ugnayan sa kapwa, pakikibagay, at pagsunod sa mga nakagawian at kagustuhan ng grupo. Ngunit tandaan na ang pakikisama ay may hangganan din. Kapag mali ang sitwasyon, dapat munang pag-isipan ang magiging kahihinatnan nito bago makisama ng lubos. | masagutan ang tanong. At limang minuto uli para sa pagbabahagi ng kanilang sagot sa klase. |

2. **Pagtutulungan**
Ang pagtutulungan ay kooperasyon sa pagitan ng mga tao sa proseso ng pagkamit ng layunin ng isang gawain. (*Ang Kahalagahan Ng Pagtutulungan at Pakikipagtulungan | FreeConference.com*, n.d.). Mahalaga ang pagtutulungan dahil sa pamamagitan nito ay mas madaling nakahahanap at nakagagawa ng solusyon sa iba't ibang suliranin. Kung mas maraming kamay at isip ang gagawa, siguradong makahahanap ng lunas sa anumang kinakaharap na suluiranin ng isang lipunan, lalo na sa mga problemang may kabigatan at marami ang naaapektuhan. Ang espiritu ng pagtutulungan ay magmumula sa sarili. Ang pagiging bukas ng iyong mata ang nagbibigay sa iyo ng kamalayan na tumugon sa pangangailangan ng iba. Tumulong ka ng bukal sa iyong puso na walang hinihintay na kapalit. Umpisan mo ito sa inyong tahanan, matutuwa ang iyong mga magulang kung makikita nila ang kanilang mga anak na nagtutulungan.

3. **Pakikiisa**
Sa ating mga Pilipino, ang pagkakaisa ang pinakatugatog ng ating pakikipagkapuwa. (*Pagkakaisa*, n.d.) Batay sa masusing pag-aaral ng ating katutubong wika, ang salitang "kapuwa" ay nangangahulugan ng nagkakaisang pagkakakakilanlan. Ito ay nangangahulagang sama-sama tayo sa pagpapaunlad ng isa't isa sa pamamagitan ng pagmamahalan, pagmamalasakitan, pagtutulungan, pagdadamayan, at bayanihan. Sa ganitong klaseng interaksyon, ang tao ay mas nakatuon sa emosyonal na bahagi ng sitwasyon at nagiging mas sensitibo sa mga taong nakapaligid sa kanya. Dahil dito, mas nakikiramdam siya sa pag-ayon ng kanyang mga kilos na tumutugon sa mga kinakailangan sa isang interaksyong panlipunan.

4. **Paggagalangan**
Ang paggalang ay ang pagpapalagay ng mabuting hangarin at kakayahan ng ibang tao o sa sarili. (Oredimo, n.d.). Ang respeto ay kakambal ng salitang paggawa ng mabuti sa kapuwa, pagkakaroon ng magandang asal sa pamamagitan ng pagbibigay ng halaga sa isang tao o bagay. Sa pamamagitan ng paggalang sa kapwa ay nababahagi natin sa kanila na may kakayahan tayong intindihin sila kahit ang bawat tao ay may pagkakaiba-iba. Ang paggalang ay nararapat dahil dito ay naipamamalas ang kahalagahan ng buhay. Hinihiling na ang bawat tao ay magkaroon ng kababaang -loob upang ang paggalang sa kapuwa ay laging isagawa.

| | | |
|---|---|---|
| | 5. **Pakikipagkasundo**<br>Ang salitang "makipagkasundo" ay nangangahulugang ibalik ang pagkakasuwato o ang ugnayan bilang magkaibigan; gayundin, ayusin o lutasin ang isang hindi pagkakaunawaan, gaya ng paglutas sa mga alitan. (*Pakikipagkasundo* — Watchtower ONLINE LIBRARY, n.d.) Nangangailangan ng pagpapakumbaba upang magawa ang pakikipagkasundo. Aminin ang nagawang pagkakamali at iwaksi ang pagmamayabang. Ang ating nagagawang pagkakasala sa sa Diyos ang siyang nagpapalayo sa atin sa Kanya. Gayondin sa ating kapuwa, nasisira ang ugnayan at pakikipagkaibigan na maaaring tumagal ng mahabang panahon. Kung tayo ay makikipagkasundo, tiyakin natin na bukal ito sa ating puso at sikaping hindi na uulitin pa ang pagkakasala dahil mababalewala ang pakikipagkasundo kung pagkatapos ay paulit-ulit pa rin nating gagawin ang pagkakamali. Laging tatandaan na hindi mababawasan ang iyong pagkatao kung hihingi ka ng paumanhin bagkus ay makakadagdag pa ito sa mabuting pagkakilala sa iyo ng tao at kalagayan bilang anak ng Diyos.<br><br>**2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>**Resolusyon para sa Epektibong Pakikipagkapwa**<br>Panuto: Ang pakikipagkapuwa tao ay matagumpay na maisasabuhay kung ikaw ay bukas sa pagmamahal at pagmamalasakit sa iba. Hindi ito lubusang maisasagawa kung maraming personal na balakid sa iyong buhay. Sumulat ng limang pagbabagong iyong gagawin sa iyong sarili upang maging malaya mula sa mga balakid at tunay na maisapuso ang pakikipagkapuwa tao.<br> | *Maglalaan ng 20 minuto para sa gawaing ito.* |

**Tanong:**

1. Bakit kailangan nating ihanda ang ating sarili sa pakikipagkapuwa tao?

____________________________________________

____________________________________________

2. Ano ang pangunahing balakid ang nakikitang mong humahadlang sa tunay pagmamlasakit sa iba?

____________________________________________

____________________________________________

3. Ano ang maitutulong sa iyo ng isang aktibong pakikipagkapuwa tao?

____________________________________________

____________________________________________

4. Naranasan mo ba na makatanggap din ng tulong mula sa iyong kapwa?

____________________________________________

____________________________________________

5. Paano mo mahihikayat ang iba katulad ng iyong nakababatang kapatid, kaibigan o kaklase na isabuhay ang tunay na pakikipagkapwa-tao?

____________________________________________

____________________________________________

## IKAAPAT NA ARAW

### 3. Paglalapat at Pag-uugnay

**Panuto:** Ang mga taong nasa larawan ay maaring minsan mo nang nakasalubong sa daan. Bilang kabataan, wala ka pang sapat na pera upang makatulong sa kanila ngunit mayroon kang pwedeng gawin at ibahagi. Kung sakaling makikita mo sila uli, paano mo maipapakita o maipadarama ang pagmamalasakit mo sa kanila bilang isang kabataan?

*Maglalaan ng 30 minuto para sa gawaing ito.*



____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

https://www.flickr.com/photos/fotograzio/32520301994



_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

https://picryl.com/media/hospice-caring-nursing-health-medical-1d4ca2



_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

https://www.flickr.com/photos/frisno/3332155912



_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

https://www.pexels.com/photo/women-with-children-crossing-the-street-12166465/

**Tanong:**

1. Ano ang mga napansin mo sa mga taong nasa larawan? Mayroon ba silang mga pagkakatulad? Ano-ano ang kanilang mga pangangailangan?

_______________________________________________
_______________________________________________

2. Ano ang nararamdaman mo sa tuwing sila ay nakikita? Bakit mo ito nararamdaman?

_______________________________________________
_______________________________________________

3. Maituturing mo rin ba sila na iyong kapwa bagamat hindi mo sila kakilala? Bakit opo o bakit hindi po?

_______________________________________________
_______________________________________________

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Bakit sa tingin mo ang tulad nila ay dapat mas pag-ukulan ng pansin at pagmamalasakit? Maaring sumulat ng tatlong dahilan.<br>________________________________________<br>________________________________________<br>5. Bilang kabataan, ano ang kabutihang matatamasa mo kung patuloy kang magpapakita ng pagmamalasakit sa iyong kapuwa lalo na sa mga mahihirap, may kapansanan, matatanda at katutubo?<br>________________________________________<br>________________________________________ | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>**Ipaliwanag ang konseptong natutunan tungkol sa Pakikipagkapuwa tao**<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Magbigay ng tatlong pangangailangan ng iyong kapuwa na maaari mong matugunan bilang kabataan?<br>1.______________________________________<br>2.______________________________________<br>3.______________________________________ | *Maglalaan ng 10 minuto para sa gawaing ito.* |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**I. Panuto:** Gumuhit ng hugis puso kung ang pangungusap ay nagsasaad ng tamang ideya tungkol sa pakikipagkapuwa-tao at ekis kung hindi. Iguhit ang sagot sa patlang.<br>Ang pakikipagkapwa-tao ay:<br>_____ 1. ang pagkilala sa tao hindi dahil sa kung ano ang mayroon sya, kung hindi kung sino sya.<br>_____ 2. Nangangahulugang ng pakikisama na walang limitasyon | *Maglalaan ng 15 minuto para sa gawaing ito.*<br>**Mga sagot:**<br>1. ♡<br>2. ✗<br>✗ |

_____ 3. pagmamalasakit na para lamang sa mga taong may kakayahan makapagbalik ng kaparehong tulong o pabor.
_____ 4. ang pagkakaroon ng maganda at maayos na pakikipag-ugnayan sa kapuwa.
_____ 5. ang pagkakaroon ng kamalayan sa pangangailangan ng iba at ang pagtugon dito ng walang hinihintay na kapalit

II. **Suriin ang Sitwasyon**: Basahin ang sitwasyon at sagutin ang tanong. Ibigay din ang dahilan kung bakit mo piniling gawin ang isang kilos.

1. Napansin mong nahihirapan na ang isang matanda sa pagbibilang niya ng barya sa harap ng kahera sa isang parmasya. Mangyari kasi na yun lamang ang pera niya upang makabili ng gamot. May ilang kustomer na ang nagagalit dahil matagal ang matanda sa pagbibilang. Wala pala itong suot na salamin sa mata. Kitang kita mo ang pagkataranta at pagkapahiya ng matanda sa nangyayari. Ano ang puwede mong gawin sa sitwasyong ito?
Tugon: ____________________________________________
Dahilan : __________________________________________

2. Alam mo na ang pambubulas ay madalas nang nangyayari sa paaralan. Sa araw-araw ay napapansin mo na nararanasan ito ng pangulo ng inyong klase. Hindi siya sinusunod ng karamihan bagamat nakikita mo naman na mayroon siyang potensiyal na pamunuan ang klase. Ang tanging dahilan na nakikita mo ay ang kanyang kahirapan, halos naninilaw na ang kanyang puting uniporme at laging pag-inom lang ng tubig ginagawa tuwing *recess*. Ano ang maaari mong magawa upang magkaroon ng pagkakaisa at paggagalangan sa inyong seksyon?
Tugon: ____________________________________________
Dahilan : __________________________________________

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

Isang hamon ng araling ito ay ang pagsasabuhay ng pagmamalasakit. Gumawa ka ng isang makabuluhang kilos para sa iyong kapwa, siya man ay kakilala mo o hindi. Ito ay maaring sa paraan ng pagtulong o pagbibigay saya. Itala sa iyong

3.
4. ♡
5. ♡

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">kuwaderno ang iyong natatanging karanasan at ibahagi ito sa klase sa susunod na pagkikita.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>C. Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro.</td></tr>
</table>